# IEC Material - Newcastle Disease (Peste ng Manok): Alamin at Sugpuin

Submitted by admin on 04.08.2016

Download the flyer in PDF version here

***Ano ang DAPAT GAWIN pag tinamaan ng ND o PESTE ang mga manok?***



- **Ihiwalay lahat** ng mga manok na nagpapakita ng sintomas ng peste.
- **Patayin lahat ng ibong may sakit**. Huwag magdala ng may sakit na manok saan mang lugar. **Ibaon o sunugin** ang mga manok na namatay.
- **Huwag bakunahan ang mga manok na matatamlay.** Hanggat maari kung ang mga manok ay may sakit, paraanin muna ang isang buwan bago maglagay ng bagong manok.
- Kumunsulta sa **beterinaryo** o sa pinaka-malapit na sangay ng gobyerno tulad ng **Municipal / City o Provincial Veterinary Office** sa inyong lugar.
- Maaari ring sumangguni at ipagbigay-alam sa **Bureau of Animal Industry (BAI)** ang mga insidente.

**PARA SA IBA PANG MGA KATANUNGAN, SUHESTIYON O REPORT, MAARING SUMANGGUNI SA:**

Animal Health & Welfare Division
Bureau of Animal Industry

Visayas Ave. Diliman, Quezon City,
Metro Manila, Philippines 1101

webmail@bai.da.gov.ph
director@bai.da.gov.ph

Tel. no: 928 - 2836 • 928-2743
SMART 0919-574-4772
GLOBE 0995-132-9339
SUN 0942-972-7142

www.facebook.com/bai.da.gov.ph

twitter.com/bai_official

| DA REGIONAL OFFICES | |
|---|---|
| CAR | (074) 443 4621 |
| I | (072) 523 3928 |
| II | (078) 844 3101 |
| III | (045) 961 3472 |
| IV - A | (632) 928 5375 |
| IV - B | (632) 426 4784 |
| V | (052) 826 0147 |
| VI | (033) 336 9737 • 338 4886 |
| VII | (032) 254 4005 • 268 3063 |
| VIII | (053) 321 3047 • 325 7805 |
| IX | (062) 992-4165 |
| X | (088) 856 2753 to 55 |
| XI | (082) 293 1605 • 227 1962 |
| XII | (083) 553 9324 |
| CARAGA | (085) 242 4092 |
| ARMM | (064) 421 1234 |

## Newcastle Disease

*(Peste ng Manok)*


***ALAMIN at SUGPUIN***

Bureau of Animal Industry
Department of Agriculture



**International Federation of Gamefowl Breeders Associations (FIGBA), Inc.**

Address: Unit 703 & 704 BSA Twin Towers, Bank Drive, Ortigas Center, Mandaluyong City 1550
Telefax: (+63 2) 634-2807 | E-mail: adminsec@figba.org



### *Ano ang* NEWCASTLE DISEASE (ND)?

Ang Newcastle ay sanhi ng isang uri ng virus o peste na nagdudulot ng nakamamatay na sakit sa mga manok, kalapati, pugo at iba pang uri ng ibon. Kadalasan makikita sa mga napesteng manok ay ang **pag ikot ng ulo (*torticollis*), pamamaga ng mga mata, hirap na paghinga at pagha-halak.**

Makikita rin ang **malaberdeng pagtatae** at **bagsak na pangangatawan**. Maari rin **mamatay** ng hindi nagpapakita ng kahit anong sintomas ang mga apektadong manok.

### *Saan nakukuha ang* NEWCASTLE DISEASE?

Ang mikrobyo ng peste ay maaring makuha mula sa dumi ng may sakit na manok. Maaring rin mahawa ang manok mula sa sipon o *secretions* ng mga kapwa nito o sa ibang uri ng ibon sa paligid.

Maari rin makuha ang virus sa mga kontamidong bagay tulad ng mga gamit sa manukan, damit at gamit ng tao, sasakyan, ibang hayop, itlog o laman loob ng manok na may sakit.

Posible rin mahawa ang mga manok mula sa isang kalapit na manukan na may laganap na peste sa pamamagitan ng hangin.

### *Paano makakaiwas sa* Newcastle Disease?

- Iwasang makisalamuha sa ibang manok ang iyong alaga. Maaring ang manok na may sakit ay di makikitaan ng sintomas. Kung maari, ikulong ang mga manok upang mahiwalay sa iba pang mga manok o ibon.
- Huwag manghiram o magpahiram ng manok panabong sa kapitbahay.
- Kung mayroong bagong dating na manok, ikulong at ihiwalay muna ito ng dalawang lingo bago isama sa karamihan.
- Puksain ang mga daga, maaring magdala ito ng sakit.
- Maaring gumamit ng kahit anong disinfectant katulad ng *sodium hypochlorite* o house bleach bilang panglinis ng mga kulungan. Ihalo ang isang bahagi nito sa apat na bahagi ng tubig (1:4).
- Sundin ang tamang pamamaraan sa pagbabakuna.

**Ang PAGBABAKUNA ang pinaka-mabisang paraan para MAIWASAN at MAPROTEKTAHAN natin ang mga MANOK laban sa**
**NEWCASTLE DISEASE**

**MAGMASID AT MAGMATYAG, ugaliing maging mapanuri.**
**HUWAG BALEWALAIN ang mga senyales ng sakit.**
**KUMUNSULTA sa pinakamalapit na beterinaryo para sa iskedyul ng bakuna.**

**LABANAN ang PESTE!**

[Download the flyer in PDF version here]

Website development, web hosting and maintenance by: iBuild.PH Web Services and Solutions